

# MGA ORGANISASYON NA MAKAKATULONG

---

## Sino ang makakatulong sa iyo sa iyong apela at kung paano sila maaaring makatulong

Maaari kang makakuha ng tulong mula sa alinman sa mga sumusunod na organisasyon:

### Ang Tanggapan ng Ombudsperson

Maaari mong makontak ang tanggapang ito sa (877) 658-9731 o [Ombudsperson@dds.ca.gov](mailto:Ombudsperson@dds.ca.gov).

Ang Tanggapan ng Ombudsperson ay tumutulong sa mga kliyente ng regional center at kanilang mga pamilya na ma-access ang kanilang mga serbisyo ng regional center na makukuha sa ilalim ng Lanterman Act. Ang Tanggapan ng Self-Determination Ombudsperson ay tumutulong sa mga tao sa Self-Determination Program.

Ang Ombudsperson ay maaaring:

- Magbigay ng impormasyon sa mga kliyente ng regional center at kanilang mga pamilya. Kabilang dito ang impormasyon tungkol sa proseso ng apela.
- Tulungan kang maunawaan ang mga form na natatanggap mo tungkol sa iyong apela. Tulungan kang matutunan kung paano punan ang isang form ng kahilingan na umapela.
- Padaliin ang paglutas sa mga hindi pagkakasundo at reklamo.

Ang Ombudsperson ay hindi maaaring:

- Magpasya sa mga hindi pagkakaunawaan na pabor sa isa o kabilang panig,
- Kumatawan sa isang tao sa proseso ng apela,
- Gumawa ng rekomendasyon sa korte o opisyal sa pagdinig, o
- Baliktarin ang pinal na desisyon sa pagdinig.

### Ang Tanggapan ng Self-Determination Ombudsperson

Maaari mong makontak ang tanggapang ito sa (877) 658-9731 o [Ombudsperson@dds.ca.gov](mailto:Ombudsperson@dds.ca.gov).

Ang Tanggapan ng Self-Determination Ombudsperson ay tumutulong sa mga kliyente ng regional center at kanilang mga pamilya na ma-access ang Self-Determination Program.

Ang Ombudsperson ay maaaring:

- Magbigay ng impormasyon sa mga kliyente ng regional center at kanilang mga pamilya tungkol sa Self-Determination Program.
- Tulungan kang maunawaan ang programa at mga hakbang na gagawin para makapasok dito.
- Padaliin ang paglutas sa mga hindi pagkakasundo at reklamo.



Ang Ombudsperson ay hindi maaaring:

- Magpasya sa mga hindi pagkakaunawaan na pabor sa isa o kabilang panig,
- Kumatawan sa isang tao sa proseso ng apela,
- Gumawa ng rekomendasyon sa korte o opisyal sa pagdinig, o
- Baliktarin ang pinal na desisyon sa pagdinig.

### **Ang iyong Clients' Rights Advocate (CRA)**

Makokontak mo ang CRA sa (800) 390-7032 para sa Northern California o (866) 833-6712 para sa Southern California. O hanapin ang CRA para sa iyong regional center dito: <https://www.disabilityrightsca.org/what-we-do/programs/office-of-clients-rights-advocacy-ocra/ocra-staff-links>

Ang iyong CRA ay maaaring:

- Tulungan kang makakuha ng mga serbisyo.
- Magbigay ng impormasyon tungkol sa mga karapatan at serbisyo.
- Magbigay ng impormasyon tungkol sa proseso ng mga apela.
- Suriin ang impormasyong natanggap mo mula sa iyong regional center at tulungan kang punan ang mga form para sa pag-apela
- Kumatawan sa iyo sa mga pagpupulong at sa mga pagdinig.

### **Mga Family Resource Center (FRC)**

Mahahanap mo ang iyong lokal na FRC sa <https://frcnca.org/get-connected>

Ang FRC ay maaaring:

- Magbigay ng peer-to-peer na suporta para sa lahat ng pamilya na may sanggol o musmos na anak na tumatanggap ng mga serbisyong Early Start. Tulungan kang mag-navigate sa sistema ng Early Start.
- Tinutulungan din ng ilang FRC ang mga pamilya na ang anak ay 3 taong gulang o mas matanda. Ang mga FRC na ito ay maaaring makatulong sa iyo na mag-navigate sa sistema ng regional center at magbigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa Lanterman Act.
- Magbigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa proseso ng apela, at sa mga hakbang na maaari mong gawin upang malutas ang iyong hindi pagkakasundo sa iyong regional center.

### **State Council on Developmental Disabilities (SCDD)**

Upang mahanap ang iyong lokal na tanggapan ng State Council on Developmental Disabilities (SCDD) mula sa kanilang webpage: <https://scdd.ca.gov/about/>. I-click ang Mga Panrehiyong Tanggapan at piliin ang iyong lugar. Maaari mo rin silang makontak sa (833) 818-9886.

Ang SCDD ay itinatag upang matiyak na ang mga taong may kapansanan sa pag-unlad at ang kanilang mga pamilya ay makakatanggap ng mga serbisyo at suporta na kailangan nila sa pamamagitan ng adbokasiya, pagpapahusay ng kapasidad at sistematikong pagbabago.



## **Disability Rights California (DRC)**

Ang Disability Rights California (DRC) ay ang ahensyang itinalaga sa ilalim ng pederal na batas upang protektahan at itaguyod ang mga karapatan ng mga taga-California na may mga kapansanan. Ang DRC ay nagbibigay ng paglilitis, legal na representasyon, mga serbisyo ng adbokasiya, pagsisiyasat, pampublikong patakaran, at nagbibigay ng impormasyon, payo, referral, at pakikipag-ugnayan sa komunidad.

Makakakuha ka ng tulong sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-776-5746 o pagtawag sa TTY: 1-800-719-5798. Available ang mga ito ng Lunes, Martes, Huwebes, at Biyernes mula 9:00AM – 3:00PM. Ang linya para sa intake ay sarado tuwing Miyerkules. Maaari mo ring kumpletuhin ang isang online intake form sa <https://www.disabilityrightsca.org/post/intake-form-step-1>

## **Iba pang Mga Mapagkukunan**

Maaaring may alam ang iyong regional center ng iba pang lokal na grupo na nagbibigay ng suporta sa magulang o mga organisasyong nakabase sa komunidad na makakatulong sa iyo. Tanungin ang service coordinator sa iyong regional center o ibang kawani ng regional center para sa referral. Maaari rin silang magbigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa kung paano ka nila matutulungan.

